Mensahe Dalawa

## Ang Dibino at Mistikong Kinasasaklawan

Babasahin sa Kasulatan: Juan 14:10-11, 16-20; 1 Cor. 15:45b; 2 Cor. 3:17-18; 13:14; Gal. 3:14

**I. Ang lahat ng banal sa pagbabawi ng Panginoon ay kailangan magkaroon ng isang malinaw na pananaw, isang pangitain, hinggil sa pisikal na kinasasaklawan at sa dibino at mistikong kinasasaklawan—Kaw. 29:18a; Gawa 26:19:**

A. Kailangan nating pahalagahan ang dibino at mistikong kinasasaklawan sa pamamagitan ng pagiging nakintalan ng isang malinaw na pagkakaiba: makalupa laban sa makalangit; pambatas laban sa organiko, obhektibo laban sa subhektibo, pisikal laban sa mistiko—Roma 5:10; Heb. 8:1.

B. Kailangan nating pumasok sa isang kinasasaklawan, isang kinasasakupan, isang kaharian, na lubhang mas mataas kaysa sa kinasasaklawan natin ngayon; ang mas mataas na kinasasaklawang ito ay ang dibino at mistikong kinasaklawan.

C. Pumapasok tayo sa dibino at mistikong kinasasaklawan sa pamamagitan ng pagkakita sa kinasasaklawang ito; sa mga espiritwal na bagay ang makita ay ang pumasok—Juan 3:3, 5.

**II. Ang Tres-unong Diyos Mismo ay isang dibino at mistikong kinasasaklawan—14:10-11:**

A. Ang Tres-unong Diyos—ang tatlo ng Dibinong Trinidad—ay sariling umiiral, magpakailanmang umiiral, umiiral nang magkakasabay, nasa isa't isa, at bilang gayon, ang Ama, ang Anak, at ang Espiritu ay isang dibino at mistikong kinasasaklawan, na ang tatlo ng Dibinong Trinidad ay nananahan sa isa't isa—Mat. 28:19; 2 Cor. 13:14.

B. Ayon sa Juan 14:10 at 11, ang Anak ay nasa Ama, at ang Ama ay nasa Anak; ipinahihiwatig nito na ang Ama ay naisasakatawan sa Anak at ang Anak ay ang pagsasakatawan ng Ama, bumubuo ng isang dibino at mistikong kinasasaklawan, ang kinasasaklawan ng Tres-unong Diyos.

**III. Ang dibino at mistikong kinasasaklawan kung saan maaari tayong pumasok ngayon at kung saan maaari tayong mamuhay sa katunayan ay hindi lamang dibino at mistikong kinasasaklawan ng Tres-unong Diyos; ito ay ang dibino at mistikong kinasasaklawan ng napasukdol na Espiritu at ng malahanging Kristo—Fil. 1:19; Roma 8:9; 2 Cor. 3:17-18; Gal. 3:14:**

A. Inihahayag ng Biblia na ang Espiritu ay naging ang napasukdol, nagpapaloob ng lahat, at timpladang Espiritu—Juan 7:39; 14:16-17; 20:22; Roma 8:9; Fil. 1:19:

1. Ang katawagang *napasukdol na Espiritu* ay nagpapahiwatig na ang Espiritu ay naproseso at sa gayon ay naging napasukdol na Espiritu—Juan 7:39.
2. Ang napasukdol na Espiritu ay ang timpladang Espiritu na isinasagisag ng pamahid na langis—Exo. 30:23-25:
   a. Sa pagkabuhay na muli ni Kristo ang Espiritu ng Diyos ay naihalo sa pagkatao ni Kristo, kalakip ang Kanyang kamatayan at ang bisa nito, at kalakip ang Kanyang pagkabuhay na muli at ang kapangyarihan nito—Fil. 3:10.
   b. Ang bunga ng paghahalong ito ay ang timplada, napasukdol na Espiritu—1:19.
3. Ang napasukdol na Espiritu ay ang Tres-unong Diyos na kay Kristo ay dumaan sa proseso ng pagkakatawang-tao, pantaong pamumuhay, pagkapako sa krus, at pagkabuhay na muli—Juan 7:39.

B. Inihahayag ng Biblia na si Kristo ay naging ang malahanging Kristo—1 Cor. 15:45b:

1. Sa pamamagitan ng Kanyang kamatayan at pagkabuhay na muli si Kristo ay naging ang Espiritung nagbibigay-buhay at sa gayon ay naging malahanging Kristo—b. 45b; 2 Cor. 3:17-18.

2. Kaya, maaari nating isalita ang dibino at mistikong kinasasaklawan ng napasukdol na Espiritu at ng malahanging Kristo na ito—Juan 7:39; Gal. 3:14; 1 Cor. 15:45b.

**IV. Sa ating karanasan sa katunayan ay nagiging bahagi tayo ng dibino at mistikong kinasasaklawan ng napasukdol na Espiritu at ng malahaging Kristo—Juan 14:16-20; 17:21-23:**

A. Tayo ay nagiging bahagi ng dibino at mistikong kinasasaklawan sa pamamagitan ng dibinong kapanganakan; sa pamamagitan ng pagkasilang na muli tayo ay ipinanganak tungo sa dibino at mistikong kinasasaklawan—3:5-6.

B. Tayo ay nagiging bahagi ng dibino at mistikong kinasasaklawan sa pamamagitan ng pakikilahok sa buhay (b. 15), kalikasan (Efe. 1:4; 2 Ped. 1:4), kaisipan (Efe. 4:23; Fil. 2:5), katangian (2 Cor. 3:18b; Efe. 3:8), larawan (2 Cor. 3:18a; Roma 8:29), kaluwalhatian (b. 30; Heb. 2:10), pagkaanak (Efe. 1:5; Roma 8:23), pagpapakita (b. 19), at wangis ng Diyos (1 Juan 3:2).

C. Tayo ay nagiging bahagi ng dibino at mistikong kinasasaklawan sa pamamagitan ng pagiging naitayo sa Katawan ni Kristo—Efe. 4:16:

1. Ang Katawan ni Kristo ay ang dibino at mistikong kinasasaklawan, at lalo tayong nasa realidad ng Katawan ni Kristo, lalo tayong nasa dibino at mistikong kinasasaklawan—Roma 12:4-5; 1 Cor. 12:12-13, 27; Efe. 1:22-23; 4:16.
2. Naihahalo ang mga mananampalataya tungo sa isang entidad upang maging mistikong Katawan ni Kristo—1 Cor. 12:24, 27.

**V. Bilang mga mananampalataya kay Kristo, mga anak ng Diyos, dapat tayong mamuhay sa dibino at mistikong kinasasaklawan—Roma 8:16; Juan 14:2-3, 20; 1 Cor. 15:45b; Gal. 3:14; 2 Cor. 3:17-18:**

A. Ang dibino at mistikong kinasasaklawan kung saan maaari tayong pumasok at kung saan maaari tayong mamuhay ay ang dibino at mistikong kinasasaklawan ng napasukdol na Espiritu at ng malahanging Kristo; kailangan nating matutong mamuhay sa kahanga-hangang kinasasaklawang ito—Fil. 1:19; 2 Cor. 13:14; Gal. 3:14.

B. Sa dibino at mistikong kinasasaklawan, natatanggap natin ang Espiritu bilang namumukod-tangi, nagpapaloob ng lahat na pagpapala—bb. 2, 5.

C. Sa dibino at mistikong kinasasaklawan, natatanggap natin ang paghahatid ng umakyat sa langit na Kristo at ang panustos ng Kanyang makalangit na ministeryo—Efe. 1:22; Heb. 8:1-2.

D. Sa dibino at mistikong kinasasaklawan, nararanasan natin ang organikong pagliligtas ng Diyos—Roma 5:10.

E. Sa dibino at mistikong kinasasaklawan, namumuhay tayo sa kaharian ng Diyos bilang kinasasaklawan ng mga dibinong uri—Juan 3:3, 5.

F. Sa dibino at mistikong kinasasaklawan, namumuhay tayo sa salamuha ng dibinong buhay—1 Juan 1:3, 7; Gawa 2:42.

G. Sa dibino at mistikong kinasasaklawan, ipinamumuhay natin ang isang kusang-kusa at walang kahirap-hirap na buhay-Kristiyano ayon sa awtomatikong pangsyon ng kautusan ng buhay—Roma 8:2.

H. Sa dibino at mistikong kinasasaklawan, ipinamumuhay natin ang isang buhay ng katotohanan bilang kahayagan ng nahayag na dibinong realidad—2 Juan 1; 3 Juan 1; Juan 4:23-24.

I. Sa dibino at mistikong kinasasaklawan, naihahalo tayo sa naprosesong Tres-unong Diyos para sa pag-iingat sa kaisahan—17:21, 23:

1. Ang tunay na kaisahan ay nasa Tres-unong Diyos—Mat. 28:19; Juan 17:21, 23.

2. Ang tunay na kaisahan ay ang pakikipaghalo ng mga mananampalataya sa Tres-unong Diyos—2 Cor. 13:14:
   a. Upang magkaroon ng gayong kaisahan, dapat nasa napasukdol na Espiritu at malahaging Kristo ang mga mananampalataya bilang dibino at mistikong kinasasaklawan.
   b. Ang mga mananampalataya ay kaisa ng Tres-unong Diyos sa dibino at mistikong kinasasaklawan ng napasukdol na Espiritu at ng malahaging Kristo.

**VI. Ang bawat mananampalataya ay dapat mamuhay sa dibino at mistikong kinasasaklawan at maging isang dibino at mistikong persona, isa na tao gayunma'y namumuhay nang dibino—Gal. 2:20; 2 Cor. 10:1; 13:14:**

A. Kailangan nating maging dibino gayunma'y tao—hindi lamang tao bagkus mistikong tao; ang lahat ng bagay sa ating pamumuhay ay dapat dibino at mistiko—Juan 14:16-20.

B. Ang maging dibino ay nangangahulugang ginagawa ang lahat ng bagay kasama ang Diyos, sa loob ng Diyos, at sa pamamagitan ng Diyos—1 Cor. 10:31; Col. 3:17.

C. Tulad ng Panginoong Hesus, dapat tayong maging tila pisikal gayunma'y hindi nakikitang dibino at mistiko, magkasabay na namumuhay sa pisikal na kinasasaklawan at sa dibino at mistikong kinasasaklawan—Juan 3:13; Efe. 4:20-21; Heb. 4:16; 13:13.

**VII. "Sa panahong yaon may dalawang lalaki ang sasabukid; ang isa ay kukunin at ang isa ay iiwan. Dalawang babae ang magsisigiling sa gilingan; ang isa ay kukunin at ang isa ay iiwan"—Mat. 24:40-41:**

A. Ang dalawang lalaki at dalawang babae ay kumakatawan sa buháy na mga mananampalataya sa panahon ng ikalawang pagdating ng Panginoon—Apoc. 14:1, 4b.

B. Ang makuha ay ang maraptyur bago ang matinding kapighatian—Mat. 24:21; Apoc. 3:10:
   1. Tumutukoy ang Mateo 24:40-41 sa lihim na raptyur, sa raptyur ng mga handa, ng mga gumulang—Apoc. 14:4b.
   2. Ang pagkakaiba ng isang kinuha at ng isang iniwan ay nasa paggulang sa buhay; ang isa ay namumuhay sa dibino at mistikong kinasasaklawan, at ang isa ay hindi—Mat. 24:40-41.

C. Ipinakikita sa atin ng salita ng Panginoon sa Mateo 24:40-42 na habang tayo ay naghihintay para sa Kanyang pagdating at umaasang maraptyur, kailangan nating maging tapat sa ating pang-araw-araw na tungkulin, namumuhay ng isang wastong balanseng pantaong buhay habang sabay na namumuhay sa dibino at mistikong kinasasaklawan ng napasukdol na Espiritu at ng malahanging Kristo—cf. 2 Tes. 3:6-15.

*© 2023 Living Stream Ministry*